DUC ad VERITATEM

FILIPINO 6

Pagsasanay Blg. 1.3

Pangalan: _____ **Iskor:** _____ / **35**

Seksyon: _____ **Petsa:** _____

I. Tukuyin ang kayarian ng salitang nakasalungguhit sa pangungusap. Isulat ang PAYAK, MAYLAPI, INUULIT at TAMBALAN sa patlang. (5 puntos)

_____1. *Ikinatutuwa* ng ilan ang pagkakaroon ng sobrang lusog na katawan.

_____2. Pagkatapos kumain, patutunayan naman niya ang pagiging isang *takaw-tulog*.

_____3. Kakain na naman siya ng masasarap at matatabang pagkain pagdating sa *bahay*.

_____4. *Kinakailangan* niyang mag-ehersisyo araw-araw upang mabawasan ang kanyang timbang.

_____5. *Unti-unti* niyang ininom ang napakapait na gamut.

II. Bilugan ang salitang may naiibang kayarian. Isulat sa kahon ang kayarian ng salitang ito. (10 puntos)

	1. maghanda ipaghugas nagehersisyo hain
	2. tutulog dahan-dahan pabigla-bigla dalian
	3. pilikmata saling-pusa balikbayan pambihira
	4. epiko alamat tula magkwento
	5. bintog pisngi takaw palakain

III. Tukuyin kung TAMA o MALI ang mga sumusunod na pahayag. Isulat sa kahon ang sagot. (5 puntos)

_____1. Inabutan ko siyang nagbubukas ng refrigerator kagabi. *Tatlong salitang maylapi ang matatagpuan sa pangungusap na ito.*

_____2. Isang bandehadong kanin ang kayang pataubin ni Filemon. *Ang kayarian ng salitang may salungguhit sa pangungusap ay payak.*

_____3. Ganap ang pag-uulit ng mga salitang pupunta, dadating at lalaban.

_____4. Sa mga sumusunod na salitang limot, sikap, at papasyal, ang may naiibang panlapi ay ang salitang limot.

_____5. Di-ganap na tambalan ang mga salitang, bahay-kubo, silid-aralan at balikbayan.

IV. Bumuo ng salitang maylapi gamit ang salitang-ugat. Sundin ang gabay na nasa loob ng panaklong. (5 puntos)

1. ehersisyo + (unlapi) = _____
2. timbang + (hulapi) = _____
3. kain + (kabilaan) = _____
4. asa + (unlapi) = _____
5. sikap + (laguhan) = _____

V. Pangkatin ang mga salita ayon sa paraan ng pag-uulit. Isulat sa tamang hanay ang sagot. (5 puntos)

Ganap na Pag-uulit	*dadaan-daan* *tamang-tama* *sasama* *unti-unti* *uma-umaga*	**Di-ganap na Pag-uulit**

VI. Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot na nagpapakita ng kahulugan ng tambalang salita ayon sa gamit nito sa pangungusap. (5 puntos)

_____1. Nagkaroon ako ng **<u>bungang-araw</u>** sa aking likod noong nakaraang tag-init.

A. ubo at sipon
B. namamagang mata sa
C. mataas na lagnat
D. maliliit na butil na makikita balat dahil sa init ng araw

_____2. Ang babaeng nabangga ng napakalaking trak ay **<u>agaw-buhay</u>** sa ospital.

A. nailigtas
B. namatay
C. nabuhay
D. malapit nang mamatay

_____3. Siya ang pinakabata sa kanilang lahat kaya naman **<u>salingpusa</u>** ang turing sa kanya ng mga kalaro.

A. pinuno
B. laging taya
C. huling kasali
D. pansamantalang kasali

_____4. Naturingan siyang **<u>basagulero</u>** sa kanilang lugar, kaya walang may lakas ng loob na pigilan siya sa pangugulo.

A. laging galit
B. mahilig makipagkaibigan
C. mahilig makipag-away
D. mahilig magbasag ng bote

_____5. Kupas ang damit at laging walang baon si Enrico, lagi siyang pinagtatawanan ng kanyang mga kaklase at tinatawag na **hampaslupa**.

A. maliit
B. mayaman
C. mabait
D. mahirap